Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

1)

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-29 NG SETYEMBRE,1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 212-T'99

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 66-T'99/ KAUTUSAN SA KARAGDAGANG BADYET BLG. 05-T'99 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG DUHAT NA INILALAAN ANG HALAGANG TATLUMPU'T TATLONG LIBO PITONG DAAN AT SAMPUNG PISO (P33,710.00) MULA SA 5% WITHHELD IRA NG NABANGGIT NA BARANGAY UPANG MAGAMIT SA PAGSASAAYOS/PAGPAPAGAWA NG MGA KARAGDAGANG PASILIDAD AT PAGBILI NG BAGONG KAGAMITAN PARA SA BAGONG BARANGAY HALL SA HALAGANG P31,710.00 AT PARA SA MEMBERSHIP FEE NG LIGA NG MGA BARANGAY SA HALAGANG P2,000.00.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 66-T'99/Kautusan sa Karagdagang Badyet Blg. 05-T'99 ng Sangguniang Barangay ng Duhat na naglalayong makapagtugma at makapaglaan ng halaga ang nasabing barangay, ayon sa isinasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ang naturang pagtutugma at paglalaan ng gugulin ay naaayon sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos;

**SAPAGKA'T,** ito ay dumaan na sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi ng Sang. Bayan;

**SAPAGKA'T,** anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng laang gugulin ay kapananagutan ito ng Sang. Brgy. ng Duhat;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, Florencio C. Odejar, Louie C. de Leon at Angelito U. Limjuco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 66-T'99/Kautusan sa Karagdagang Badyet Blg. 05-T'99 ng Sang. Brgy. ng Duhat na inilalaan ang halagang P33.710.00 mula sa 5% Withheld IRA ng nabanggit na barangay upang magamit sa pagsasaayos/pagpapagawa ng karagdagang pasilidad at pagbili ng bagong kagamitan para sa bagong Barangay Hall sa halagang P31,710.00 at para sa membership fee ng Liga ng mga Barangay sa halagang P2,000.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Duhat, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan